

Isang Gabi Ng  
Pag-ibig

# 1

Si Geraldine ‘Gindy’ Somera na marahil ang pinakakontentong nilalang sa balat ng lupa sa sandaling iyon. Sa kasalukuyan, ginagawa niya ang trabahong inambisyon niya, ang sumulat para sa isang travel manual—ang *Here and Around*—at lumibot sa mga lugar na gusto niyang puntahan. At ang lahat ng iyon ay walang gastos. Mula sa kanyang transportasyon hanggang sa hotel na tutuluyan, sagot lahat ng kompanya at wala siyang ibang gagawin kundi mag-enjoy at isulat ang kanyang karanasan.

*Now, this is life*, isip niya habang nilalanghap ang sariwang hanging-dagat.

Kabababa lamang niya mula sa sinakyang ferry boat na nagdala sa kanya mula Dalahican Port sa Lucena, Quezon sa Balanacan Port sa Marinduque. Pakiramdam ni Gindy ay isang batang nakapunta sa karnabal sa unang pagkakataon. Puno siya ng excitement, lalo pa’t ilang araw siyang mamamalagi sa Marinduque.

“Thanks, Elvs,” aniya sa kaibigan na editor ng magazine nang tawagan ito. Ito ang nagbigay sa kanya ng assignment sa Marinduque. “Para akong

pinagbakasyon sa halip na pinagtrabaho.”

“Don’t thank me yet,” tumatawang tugon nito. “Hindi ka pa nag-uumpisang magtrabaho. I did intend to work while in Marinduque,” banta nito. “I heard mahirap ang buhay diyan, not to mention masyadong mainit at this time of year; not exactly a tourist paradise. It’s for you to find the places worth visiting in Marinduque.”

“I know,” aniya.

Alam na alam ni Gindy ang mga inaasahan ni Elvira Pamintuan sa kanya. Mabuting kaibigan ito pero pagdating sa trabaho, isa itong slave driver. Nagkataong pareho sila ng prinsipyo pagdating sa trabaho. Kapwa sila seryoso. Marahil iyon ang naging common denominator nila kaya naging mabuti silang magkaibigan mula noong pumasok siya sa *Here and Around* dalawang taon na ang nakakaraan.

“So how was the trip?”

Naalala ni Gindy ang halos maghapong biyahe, ang ilang beses na pagpalit ng transportasyon at biglang nakaramdam ng matinding pagod. “Hay naku! Exhausting pero exciting.”

“I’ll bet. Balita ko malalaki daw ang alon diyan.”

Kinilabutan siya nang maalala ang mga alon sa dagat. Habang lulan ng ferry boat, kung anu-anong scenario ang pumasok sa isip niya; naroon ang natabunan ng alon ang ferry boat at tumaob ito o kaya lumubog ito ala-*Titanic*. At ang bawat scenario na iyon ay nauwi sa isa: malulunod siya at matatagpuan ang katawan niya pagkalipas ng ilang araw, inaagnas na at nangangamoy, halos di na makilala ng kanyang pobreng mga magulang.

“Napaka-morbid mo talaga!” sita ni Elvira.

“Hey, I’m just preparing myself for the possibility. Hindi ako marunong lumangoy, di ba?”

Bumuntong-hininga ito. “Kung bakit naman kasi mas gusto mo pang magpakalamog sa bus ride at masindak sa ferry boat samantalang puwede ka namang sumakay ng eroplano. Marinduque does have an airport, you know.”

“Yeah, but it’s so much fun my way. And cheaper, of course,” katuwiran niya.

“Kung di lang nakakatipid ang kompanya sa ’yo, I won’t agree about the fun part.”

“Alam mo, for a travel editor, masyado kang takot sa adventure. Subukan mo namang matakot paminsan-minsan, it’ll be good for you. Dalhin mo

kaya si Romy dito para sa inyong second honeymoon,” suhestyon niya na tinutukoy ang asawa nito. Mag-iisang taon pa lamang na kasal ang kanyang kaibigan dito.

“Kung hayok din ako sa adventure na katulad mo, sa tingin mo kaya mapupunta ka pa sa magagandang assignments ngayon? You’d be fighting with me all the time at hindi tayo magkaibigan ngayon,” anito. “Besides,” dagdag nito sa kakaibang tono, “as much as Romy and I want to leave for our second honeymoon, hindi puwede.”

Kumunot ang noo ni Gindy. “How come? Di ba ilang buwan mo nang pinag-iisipan kung saan kayo magbabakasyon ni Romy sa first anniversary ninyo?”

“Yeah, pero pinagbawalan ako ni Doc.”

“Doc?”

“Uh-huh. Buntis ako,” pagbibigay-alam ni Elvira sa excited na boses. “Pumunta kami kaninang umaga sa doktor at confirmed na. And since I’ve been bleeding—kaya nga hindi ko pinagsuspetsahan noong una na buntis ako—sinabi niyang huwag muna akong masyadong magpagod. Iwasan ang travel and all that...”

Napaawang ang kanyang mga labi, gusto

humiyaw sa tuwa para sa kaibigan pero naalala niyang may mga tao sa paligid.

“Wow! Congrats!”

“Thanks. Nasa alapaap pa kami ni Romy ngayon.”

“I can only imagine,” aniya, napangiwi sa realisasyon ng kakulangan ng excitement sa buhay niya. Kanina ay parang nasa alapaap din siya, kuntento sa buhay nang tumuntong sa unang pagkakataon sa Marinduque. Pagkarinig sa balita ni Elvira, naalala niyang maliban sa pagbibiyahe sa iba’t ibang parte ng Pilipinas at ibang bansa, wala nang ibang nagbibigay ng kasiyahan sa kanya, katulad ng boyfriend o asawa ay mga anak.

Pero hindi ito ang panahon para magmukmok sa kakulangan ng excitement sa love life niya. Ang araw na ito ay para kay Elvira at nasa Marinduque siya para mag-enjoy at magtrabaho.

“Huwag mong isiping porque nasa cloud nine ako, eh, makakalimutan ko ang mga pinagagawa ko sa ’yo,” banta nito.

“Ah, now we’re back to business,” matabang na sabi niya. “Okay, okay, magtatrabaho na po.”

“That’s my girl.”

Palabas na ng opisina ng *Malandik Lines*, ang ferry service company na pag-aari ng pamilya ni Jose Miguel 'JM' Sebastian III, nang salubungin ng papalabas na mga pasahero galing sa pantalan. Umpisa na naman ng Holy Week at muling nagdadagsaan ang mga turista sa isla ng Marinduque.

Sa katunayan, noong isang linggo pa nagdadatingan ang mga ito kaya nga minabuti ni JM na bisitahin ang kanilang Balanacan office para alamin ang iba pang kailangan para maging maayos ang kanilang operation. Iniiwasan din nila ang overloading na madalas nagiging sanhi ng problema sa karagatan.

Minasahe niya ang batok. Pagod at gutom, gusto niyang umuwi kaagad sa kanyang bahay sa Gasan para makapagpahinga. Pero tutuloy siya ngayon sa Boac, ang punung-bayan ng Marinduque, dahil inaasahan siya ngayong gabi ng kanyang Tiya Cecilia. Magbubukas na ang *Moriones Festival* at katulad ng nakaugalian, dadalo siya sa kapistahan.

Pinaglalaruan ang susi sa bulsa ng slacks, tinungo ni JM ang kinapaparadahan ng sasakyan. Napahinto siya sa daan nang may makitang babaeng nakasandal sa hood ng kanyang *Pajero*, nakapatong ang malaking

backpack nito sa ibabaw ng hood habang abala itong nakikipag-usap sa cellphone.

Nakatalikod ito sa kanya kaya kitang-kita niya ang makinis nitong batok na inilantad ng pagkakatirintas ng mahabang buhok. Pinagmasdan niya ang pagtaas-baba ng maliit nitong balikat habang pumapailanlang ang boses nitong pang-TV reporter ang kalidad. Gumala ang kanyang tingin sa balingkinitang katawan, pababa sa mahahabang hita nito na nababalutan ng maong pants. Kasalukuyang nakatitig siya sa kambal na umbok ng puwitan nito— iniisip na napakaperpekto ng pagkakahubog ng mga iyon—nang ibaba ng babae ang hawak na cellphone at pumihit paharap sa kanya.

Nakita ni JM ang pagkagitla sa mukha nito pagkakita sa kanya pero siya man ay nagulat din. Dahil ang babaeng kaharap ay hindi lamang sexy kundi maganda din—pahabang mukha, tsinitang mga mata, katamtamang tangos ng ilong at pink, hindi pula, na mga labi. Walang bakas ng makeup ang maamong mukha nito na nakadagdag sa fresh look nito. Sure, marami na siyang nakilala na higit na mas maganda kaysa rito, pero kakaiba ang dating ng babaeng ito.

Marahil napansin nito ang hawak niyang susi



dahil dali-dali nitong dinampot ang backpack sa ibabaw ng hood.

“Sorry, sasakyan mo ba’ to?” tanong nito.

“Yes, but it’s okay,” aniya nang mahanap ang boses. “Kasama ka ba sa mga pasaherong galing Lucena?” Tumango ito habang isinukbit ang bag sa balikat. “Saan ang kasama mo?” tanong pa niya, umaasang hindi boyfriend o asawa ang kasama nito.

“Visiting relatives?” dagdag niya nang taasan lang siya ng kilay. Tiyak niyang taga-Maynila ang isang ito. Masyadong suspicious ang mga taga-Maynila....

Hinawi nito ang ilang nakawalang buhok sa noo at nananantyang tumingin sa kanya. Sa taas niyang 5’11”, kailangan siyang tingalain nito.

“Hindi,” simpleng tugon nito. “I have to catch a ride to Boac kaya maiwan na kita.”

Boac? Nabuhayan ng pag-asa si JM. “Papunta din ako doon,” pagbibigay-alam niya. “Tell you what, bakit hindi ka na lang sumabay sa akin? Tiyak na madilim na pagdating mo ng Boac, and I’m sure you’ll want to find a place right away. May mga alam akong magagandang hotels na puwede mong matuluyan. Kung gusto mo ihahatid na kita doon.”

Ilang sandaling tumitig ang babae sa kanya. Noon niya napansin ang karunungan sa mga mata nito. Sa kabila ng inosenteng mukha. May pakiramdam siyang kaya nitong alagaan ang sarili.

Sweet sa labas, tough sa loob—magandang kombinasyon sa isang babaeng kasing-ganda nito. Nabuhay ang kanyang interes. Gusto niya itong makilalang mabuti.

Pero hindi ito interesado. “I’m sure Marinduquenos are hospitable, pero salamat na lang,” anito.

Alam ni JM kung ano ang iniisip nito: na isa siyang masamang taong naghahanap ng inosenteng babaeng masisilo. Kungsabagay, hindi siya kilala at nasa ibang lugar ito. Natural lang na pagdudahan siya nito. Nais niyang baguhin iyon. Gusto niyang makilala rin siya nito at... maging kaibigan.

Yeah, right!

Posible kaya iyon kung gayon na lamang ang atraksyon niya sa babae? *Admit it, JM. Walang kinalaman ang pakikipagkaibigan sa interes mo sa kanya, anang utak niya.*

“So, how long will you be in the island?” tanong niya bago pa nito maisipang tumakbo palayo sa kanya.

“A few days,” anito.

“Maybe I can take you on a guided tour. I’ll make sure you’ll have fun.”

Hayun na naman ang nananantyang tingin nito. “Salamat pero hindi ako pumunta dito para mag-enjoy. I came here to work.”

“Work? Sa Holy Week?” Tumango ito. “Ano ba ang trabaho mo?”

“To enjoy.” Huminga ito nang malalim at in-adjust ang salamin sa ulo bago walang paalam na umalis sa harapan niya at magtungo sa paradahan ng mga *FX* taxis.

Hindi na ito hinabol ni JM dahil alam niyang wala itong tiwala sa kanya. Naisipan niyang hanapin na lamang ito sa Boac at ipakilala ang sarili sa maayos na paraan. Sabi nga nila, maliit lang ang mundo.

At mas maliit pa ang Boac.

## 2

“Jose Miguel, ibaba mo na ang telepono, kung di kakaladkarin kita pababa ng kuwarto mo!”

Pinaikot ni JM ang kanyang mga mata nang marinig ang iritadong boses ng kanyang tiyahin.

Tinatawag siya nitong ‘JM’ pero binubuo ang kanyang pangalan kapag talagang naiinis na.

“I’ll talk to you later,” aniya kay Lamech Decena, ang kanyang pinsan at business associate sa shipping line ng kanilang pamilya.

Kahit Mahal na Araw o dis-oras ng gabi, kapag may maisip si Lamech na magandang business venture, tumatawag ito sa kanya. At siya naman ay handang makinig. Madalas, ang mga biglaang tawag na ito ang nagdudulot sa kanila ng limpak-limpak na salapi hanggang sa ang kanilang kompanya ang isa na sa mga kilala sa buong Marinduque at karatig isla at bayan. Sabi nga ng kanilang mga kakilala, bagay na bagay silang magkasosyo ni Lamech; ito ang nag-iisip at siya naman ang nagsasagawa. Magaling ang pinsan sa mga ideya, at siya naman ang maalam sa mga kapamaraan para maisakatuparan ang mga

ginintuang ideyang iyon.

Pero walang magawa ang mga ginintuang ideyang iyon kapag galit na si Tiya Cecilia.

“JM, I will start counting from one to ten...!”

*Oh, man!* ungol niya sa sarili. Minsan, kahit sa edad niyang treinta y tres, tinatrato pa rin siya ng tiyahin na batang kailangan pang bilangan para sindakin. Ang nakakatawa roon, hanggang ngayon, kapag nag-umpisa nang magbilang si Tiya Cecilia, wala siyang magawa kundi sundin ito.

“She’s starting to count,” aniya sa pinsan. “Tawagan na lang kita pagkatapos ng *Moriones* at sabihin mo sa akin ang mga naiisip mo. You know how Tita is...”

Pagkatapos magpaalam, nagmamadaling hinatak ni JM ang susi ng kanyang sasakyan sa ibabaw ng nightstand at bumaba sa malawak na tanggapan ng ancestral home ng kanyang Tiya Cecilia. Ito ang nagsilbing tahanan niya mula noong kupkupin siya ng tiyahin matapos mamatay ang kanyang ama sa atake sa puso noong siya ay pitong taong gulang lamang. Ang kanyang mama ay namatay noong isilang siya.

Mula noong magkaroon ng sariling bahay sa Gasan pagka-graduate sa kolehiyo, tumutuloy si

JM sa bahay ng kanyang tiyahin sa Boac tuwing Mahal na Araw para dumalo ng *Moriones Festival*. Wala pa itong pinalampas na *Moriones* mula pa nang magkamalay siya. May mga biro pa sa kanilang malalapit na kaibigan na ang tiyahin niya ay gumanap na Longinus, ang sundalong Romanong tumusok sa tagiliran ni Jesus. Laging tampulan ng tawanan ang birong iyon dahil hindi maisip ng karamihan na ang mahinhin at mala-prinsesang si Doña Cecilia Sebastian ay maaatim na magsuot ng maskarang dilat ang mga mata, lantad ang mga ngipin, at may balbas at bigote.

Pero hindi na siya magtataka kung totoo man ang mga kuwentong iyon. Kung minsan, may pagkapraning din ang kanyang tiyahin. Mabibilang lang sa kanyang daliri ang mga sandaling kinalimutan nito ang pagiging doña at marahil isa na roon ang pagpapanggap na isa sa mga sundalong Romano sa *Moriones Festival*.

Napabuntung-hininga si JM nang makita ang kanyang naiinip na tiyahin sa p0aanan ng hagdanan, tangan ang tungkod sa kaliwang kamay. Napakapamilyar ng larawan nito sa lugar na iyon at sa gayong disposisyon, hindi niya maisip kung mayroon bang Mahal na Araw na hindi ito nairita sa kanya.

“What’s the hurry? Lagi naming late ang parade.”

Inirapan siya nito. “Alam mong ayokong nali-late,” anito sa matigas na boses bago taas-noong nauna palabas ng bahay kung saan naghihintay ang matiyaga at matapat na alalay nito, si Aling Meding. Kapwa nirarayuma na ang dalawang matandang babae, ngunit kapag Mahal na Araw na, nabubuhayan ang mga ito ng dugo.

Hindi alam ni JM kung ano ang nakakapanabik sa *Moriones Festival*. Masaya at kapana-panabik ito sa mga turistang nagdadagsaan sa kanilang bayan tuwing bakasyon at Semana Santa, pero para sa isang taong lumaki sa Marinduque, wala nang excitement ang pista para sa kanya. Pare-pareho lang naman ang nangyayari, walang ipinagkaiba. May parade ng kalalaking nakasuot ng morion o mascara, pagkatapos ay magkakaroon ng pagsasadula at pagpupugot ng ulo ni Longinus.

*Same old, same old*, aniya sa sarili habang minamaneho ang asul na *Pajero* palabas ng bakuran ng bahay ni Tiya Cecilia.

Mula noong magbinata si JM, ang tanging highlight para sa kanya ay ang naggagandahang kababaihang nagbabakasyon sa isla. Dahil hindi naman kapangitan, may panahon ding naging kabi-

kabilaan ang girlfriends niyang mga turista. Alam niyang marami siyang napaiyak, mga nagseryoso at umasa sa kanya na magpapatuloy ang relationship pagkatapos ng bakasyon, pero kailanman ay hindi siya naniniwala sa long-distance romance.

Kaya nga nagtataka siya kung bakit, pagkatapos pagsawaan ang mga summer affairs, muli siyang nagkaroon ng interes sa isang turista. Hanggang sa sandaling iyon ay naalala pa rin niya ang babae. Frustrating sa kanyang isiping ni hindi man lang siya naka-first base dito. Ni pangalan nito ay di niya nakuha. Kailangan na yata niya ng practice.

Kungsabagay, katuwiran niya sa sarili, ano nga ba ang gusto niyang mangyari kung sakali mang nakilala niya ang babae at tinanggap nito ang kanyang alok ng guided tour? Bisita lamang ito sa isla ng ilang araw. Pag-alis nito, ano na? Kung ayaw na niya ng mga panandaliang pakikipagrelasyon, bakit niya gusto hanapin ang babae?

Kung hindi isya naobliga na samahan ang janyang Tiya Cecilia, tiyak na iyon na ang kanyang ginagawa ngayon. Hahalughugin niya ang buong Boac para hanapin ang magandan turistang nakausap sa labas ng opisina. Tatal, maliit lang naman ang Boac at halos kakilala niya lahat ng mga nagmamay-ari ng mga



hotels sa bayan. Kayang-kaya niya itong tuntunin...

*And then what?* Muli niyang tanong sa sarili. Hindi pa rin siya naniniwala sa long-distance relationship. Wala ring matinong babaeng iiwan ang buhay-Maynila para tumira sa Marinduque. Nakakaangat na rin ang Marinduque pero ibang-iba pa rin ito sa Maynila; wala itong malalaking malls o magagarang pasyalan.

Imposible ring lumipat siya sa Maynnila. Ang buhay ni JM ay sa Marinduque at mananatiling doon. Marami ang mga bagay na nagtatali sa kanya rito. Naroon ang kanilang negosyo --- isa sa mga pinakamatanda at pinakamalaking shipping line sa Marinduque ang restaurant na siyang nagdudulot ng excitement at challenge sa kanya bawat araw.

Nasa Marinduque rin ang mga bagay na nakasanayan at minahal niya. Nag-aral siya sa kolehiyo at nakapagtapos ng dalawang masteral courses sa Maynila pero hindi niya nakasanayan ang buhay roon. Masyado itong maingay, nakakapagod at mabilis. Sumang-ayon siya sa kanyang tiyahin nang sabihin nitong tatanda siya nang maaga kung maninirahan siya sa Maynila.

Ngunit, higit sa lahat, nanatili siya sa Marinduque dahil doon na nakatanim ang kanyang ugat. Mas

malalim pa ang ugat niya kaysa sa pinakamatandang puno ng acacia sa probinsyang iyon. Kung tama ang naikuwento sa kanya, ang kanyang ninuno na si Don Miguel Sebastian na isang purong Kastila ay namalagi na Marinduque noong 1800s pa. Dito na ito nagkapamilya; ang mga anak at mga apo nito ay nakapag-asawa rin ng mga Marinduqueños at nagsilbing pillar ng lipunan sa Boac.

Marahil, ang pangalan ng kanilang angkan ang isinasaalang-alang ng kanyang tiyahin tuwing may malaking pagdiriwang sa bayan katulad ng *Moriones Festival*. Alam nitong malaking gawain ito sa Marinduque. Sa katunayan, kilala ang isla sa kasayahang ito tuwing Semana Santa, at nagpapakita sa mga kasayahang ganito si Tiya Cecilia alang-alang sa matataas na opisyaales ng bayan na hanggang sa ngayon ay tumitingala sa pangalang Sebastian.

*Why am I thinking about all these things, anyway?* biglang isip ni JM. Masyado na yatang seryoso ang kanyang iniisip, at iyon ay dahil sa isang babaeng hindi niya kilala at maaaring hindi na makikita.

“Ah, look at this crowd!” bulalas ni Tiya Cecilia pagpasok nila sa bayan. “Sabi ni Governor, tumaas daw ng tatlumpung porsiyentio ang turismo sa isla ngayong buwang ito kumpara noong isang taon.”

“Yeah,” matabang tugon niya, wala sa *Moriones* ang isip, habang nagmamaneho, abala ang kanyang mga mata sa paghahanap ng pamilyar na mukha sa dagat ng mga tao.

“JM, if you hate this same old festival so much, bigyan mo na kang ako ng mga apo para may iba akong maisama tuwing *Moriones*,” angal nito. At dinagdagan pa nito ng pamilyar na litany na hindi na ito bumabata at kapag hindi pa siya nag-asawa, marahil hindi na nito makikita pa ang mga apo ng pinakamamahal nitong kapatid, ang kanyang ama.

Kung minsan hindi niya maintindihan ang tiyahin. Kung gusto nitong magkaapo, bakit hindi na lamang ito nag-asawa at nag-anak.

“*May anak ako, ikaw,*” sinabi nito minsan.

At iyon na iyon. Hindi niya kayang mangatuwiran dito, lalo pa’t ipinapaalala ng simpleng katagang iyon ang laki ng utang-na-loob niya rito, si Tiya Cecilia ang nakagisnan niyang magulang at ito rin ang nag-alaga sa negosyo ng kanyang ama hanggang sa handa na siyang hawakan ito. Higit doon, alam niyang mahal na mahal siya ng matandang babae. Walang sandaling hindi niya inisip na naobliga itong alagaan siya o ipinadamang isa siyang responsibilidad na ibinagsak sa mga balikat nito. Dahil doon, napamahal

ito sa kanya at gagawin niya ang lahat para rito.

Isa na roon ang pagdala rito sa punong-bayan para dumalo sa taunang *Moriones Festival*.

Bumulong lamang si JM, ayaw pahabain ang usapan. Ngunit hindi naapektuhan si Tiya Cecilia sa kanyang kakulangan ng sigla. Kaagad nitong binuksan ang pinto ng sasakyan, dala ang tungkod at pamaypay.

“I think this festival is going to be exciting, di ba, Meding?” anitong nakangiti.

Sumagot ang matandang alalay pero hindi narinig ng binata ang iba pang pinag-usapan ng dalawa dahil nakalayo na ang mga ito at nagpalamon sa makapal na crowd.

### 3

Mainit, maingay, siksikan sa *Moriones Festival*. Pagkalipas ng isang oras, hindi na naisip ni JM kung bakit siya napapayag na sumama sa kanyang tiyahin. Parang piniprito ang kanyang bumbunan sa sobrang init at nakadikit na ang kanyang puting t-shirt sa pawisang likod.

Pakiramdam niya ay nanlilimahid at handa na niyang yayain ang kanyang tiyahin pauwi nang matigilan siya sa kanyang puwesto.

Dahil sa mismong sandaling iyon ay nakita niya ang mukhang kanina pa niya hinahanap.

Abalang nagmamasid ang babae sa mga nagaganap habang kumakain ito ng dirty ice cream. Nakasuot ito ng puting t-shirt na may larawan ni *Big Bird* sa harapan, at brown at yellow printed na sarong. May nakalawit na camera sa leed nito.

“Well, well. It’s a small world, after all,” nakangiting bati niya.

Bahagyang napaawang ang mga labi nito sa pagkagitla saka ngumiti. “It is, isn’t it?” anito.

“Naabutan mo ba ang parade?”

Tumango ito saka muling dinilaan ang ice cream. Bigla siyang nainggit sa kinakain nito. “So, how about that guided tour?”

Tiningnan siya nito ng ilang sandali bago ngumiwi at sinabing, “You’re very persistent, aren’t you?”

“It’s one of my endearing traits,” nakangising sabi niya. “By the way, ako si JM.”

Nagtaas ito ng kilay. “JM. And that stands for?”

Sandali siyang na-distract nang dilaan ng babae ang naligaw na ice cream sa isang dulo ng labi nito. “Uh. I have a very long name, probably one you won’t remember.”

“Right.”

“So, kailangan mo ba ng tour guide? The offer still stands, you know.”

Hayun na naman ang nananantyang tingin nito. Nagiging pamilyar na ito sa kanya. “No, thanks. Mahal ko ang buhay ko.”

“Hey, hindi naman ako serial killer, kung iyon ang ipinapahiwatig mo,” tumatawang sabi niya.

“Magtanung-tanong ka dito. I’m a decent guy.”

Binigyan siya nito ng tingin mula ulo hanggang paa. “Uh-huh. Too bad, I’m very suspicious,” anito kasabay ang kibit-balikat saka umalis sa kanyang harapan patungoi sa direksyon ng plaza.

Awang ang mga labi niyang napatingin dito, di makapaniwalang tinanggihan siya nito. Pero sa halip na madismaya, nahamon siya. Binilisan niya ang kanyang lakad para habulin ito.

“Is it my deodorant?”

Gulat na napatingala ito sa kanya. “A-ano ‘ika mo?”

Kapwa sila tumigil sa ilalim ng puno ng acacia. “My deodorant,” ulit niya. “Is it letting me down?” usisa niya.

Tiningnan ng babae ang hawak na ice cream na noon ay tumutulo na sa makinis nitong kamay. Nais niyang pahirin ang natunaw na ice cream ng mismong dila niya para alamin kung kasing-tamis niyon ang balat nito.

*Bad idea, JM, aniya sa sarili.*

Marahil nawalan ng ganang kumain, initsa nito ang nalalabing ice cream sa pinakamalapit na

basurahan at pinahid ng tissue ang kamay. Tumingin ito na parang nawi-weird-uhan sa kanya. Siya man ay nawi-weird-uhan sa sarili.

Akala niya ay tatakbo ito palayo sa kanya. Sa halip, lumapit ito at inamoy siya. “Hmm... medyo amoy araw ka pero hindi ka naman amoy baktol, actually, amoy... baby cologne?”

Di alam ni JM kung ano ang lesser evil—ang mangamoy baktol siya o ang mangamoy pabangong pang-baby. Gusto niyang mangamoy lalaking-lalaki. Ngunit nang makita ang bahagyang pag-angat ng isang dulo ng labi ng babae, napagtanto niyang inaasar lamang siya nito.

“Very funny,” aniya, medyo nabubuhayan ng pag-asa. “Ngayong nabibiro mo na ako, puwede na ba tayong maging friends?”

Bahagyang lumayo ito sa kanya, nakahalukipkip ang mga braso. “Katulad nga ng sabi ko, I’m very suspicious. Contrary to what you must think, hindi ako pumapatol sa unang guwapong dumaan sa harapan ko.” At kasabay ang isang ubod-tamis na ngiti, nagpatuloy ito, “Well, I hate to deflate you ego, pero hindi ako interesado, Mr. JM. So, goodbye and good day.”



Nagpakawala siya ng hangin di niya namamalayang pinipigilan nang umalis ang babae sa kanyang harapan. Dalawang bagay ang tumatak sa isip niya mula sa mga sinabi nito—na inisip nitong guwapo siya at wala itong interes sa kanya.

Kung ibang babae ito marahil ay nagkibit-balikat na lamang siya, balikan ang kanyang tiyahin at tuluyang kalimutan ang maikling pag-uusap nila nito. Ngunit sa sandaling iyon, matindi ang udyok na habulin ito, tanungin ang pangalan at subukang alamin kung ano ang bagay na maaaring makapagpa-impress o makakakuha ng interes nito.

“Miss—” umpisa ni JM, pero eksakto namang may tumawag sa kanyang pangalan mula sa likuran. Papalapit si Tiya Cecilia, kasunod si Aling Meding, nagyayaya nang umuwi. Muli niyang binalingan ang babae upang yayain itong sumamang mananghalian sa kanila.

Ngunit wala na ito. Kung saan nagsuot hindi na niya nakita.

---

Nananakit na ang mga paa ni Gindy sa kalalakad pagdating niya sa hotel pagsapit ng dilim. Sa dami ng mga dapat makita at puntahan, hindi niya naisip

bumalik sa hotel para magpahinga. Nakaubos na rin siya ng apat na rolyo ng film, at tiyak na matutuwa si Elvira sa mga kinuha niyang mga larawan—makukulay na costumes ng mga kasali sa *Moriones Festival*, ang masayang kapistahan sa buong bayan, at ang mga tao at bagay na katangi-tanging Marinduque.

Ngunit sa mga nakita niya sa araw na iyon, iisa ang paulit-ulit na bumabalik sa kanyang alaala.

Ang lalaking nanggagalang JM.

Natukso siyang tanggapin ang alok nito ng guided tour. Bakit nga ba siya tumanggi? Mukha naman itong disente at mapagkakatiwalaan, bagaman hindi nito itinago ang atraksyon sa kanya—bagay na ipinagtaka niya gayong hindi pang-beauty queen ang kanyang mukha. Bakit nga kaya siya ang kinukulit nito gayong maraming naggagandahang mga turista sa paligid? Natitiyak niyang matutuwa pa ang sinumang babaeng yayayain nito dahil guwapo ito, makisig, at mukhang may pinag-aralan.

At mukhang may sense of humor, dagdag niya sa sarili, naalala ang tanong nito tungkol sa deodorant.

So, bakit nga ba niya ito tinanggihan?

Dahil ayaw niyang ma-distract sa kanyang trabaho, paalala niya sa sarili. At sa tingin ni Gindy,

malaking distraction si JM sa kanya, kung hahayaan niya ito. Mukhang charming ang mokong at natitiyak niyang makakalimutan niya ang mga dapat gawin sa Marinduque kung hahayaan niyang ma-distract nito.

Bumuntong-hininga siya habang papalapit sa hotel. Iniisip na niya ang susunod na mga gagawin: maliligo, matutulog. Isusunod na rin niya ang mga plano kinabukasan nang biglang matigilan sa entrance ng hotel.

Dahil kam panteng nakatayo ang lalaking laman ng kanyang isip sa buong maghapon sa reception area, abalang nakikipag-usap sa magandang receptionist doon. Nang matunugang may pumasok, awtomatikong nag-angat ito ng ulo. Lumapad ang ngiti nito pagkakita sa kanya.

“So, we meet again,” masiglang bati nito, iniaabot ang kanyang susi sa kuwarto. “Talaga yatang masyadong maliit ang mundo.”

Sa di-malamang kadahilanan, biglang nagsikip ang dibdib ni Gindy, lalo na nang tumitig ito sa kanyang mga mata na para bang hindi nito kayang ibaling sa ibang direksyon ang tingin. Nakaka-flatter, pero nakakakaba rin.

“Either that’s you or you’re just following me,”

aniyang nag-uumpisa nang ma-concious.

“And I thought I was subtle,” nakangising tugon nito. “So, saan ka galing?”

“Around,” tipid niyang tugon. Kapwa sila lumayo sa reception area nang magdatingan ang ibang guests ng hotel. “Ano’ng ginagawa mo dito?”

“Kaibigan ko ang nagma-manage ng hotel na ‘to. Binisita ko lang. And I’m glad I did. Nag-dinner ka na ba?”

Masyadong kaswal ang tanong kaya awtomatiko rin ang sagot ni Gindy, “Hindi pa nga, eh.”

Muling lumapad ang ngiti nito. “Ako din. May alam akong restaurant hindi kalayuan dito. I was about to go there, pero naisip kong nakakalungkot kumain nang mag-isa. Will you have dinner with me?”

Sandali siyang nag-isip, nag-aalangan sa kanyang ginagawa. Ngunit sa bandang huli, nanaig ang matinding udyok na kilalanin ang lalaking ito, kung anong klaseng tao ito. Isa pa, ano naman ang masama sa pakikipagkaibigan sa isang napakagandang isla? Isang linggo lang naman siyang mamamalagi rito, at malay ba niya kung makikita muli si JM pagkatapos ng gabing ito.

*Isang Gabi Ng Pag-ibig - Mary Ann Castillo*

---

Bago pa man bumalik ang kanyang katinuan, binalingan ni Gindy ang binata. “Okay, lead the way.”

Dalawang Mukha  
Ng Pag-ibig

# 1

Exaggerated na pinaikot ni Anastacia ang mga mata na animo hindi makapaniwala sa naririnig. Kagagaling lamang ng mahigit cincuenta años na babae sa isang three-week Asian cruise kasama ang mga amiga nitong kabilang din sa alta sociedad. At hindi nito kailanman inaasahan ang tagpong daratnan.

*“Por Dios Por Santo, April! Nasisiraan ka na ba ng bait?”* anang ginang sa anak.

“Ma, I had made up my mind. Aalis na kami nina Samantha bukas, kasama namin ’yung tita niyang doctor na sa gobyerno nagsisilbi. You know her. Ilang beses na rin natin ’yung nakasama sa tuwing may outreach program kayo. Remember?” sabi ng dalaga na hindi pa rin tumitigil sa ginagawang pag-iimpake.

“Sino ba’ng may sabing kailangan mong magtrabaho? Magkano ba ang suweldo mo doon at dodoblehin ko?”

“Ma, please... it’s not about the money. I have more than I can spend. Saka, it’s time na rin siguro para magamit ko ’yung profession ko. Five years ko nang nakuha ’yung license ko pero ni minsan ay hindi

ko pa iyon nagamit. And ayaw mo n'un, magiging proud ka sa akin. You're known as the country's *mapagkawang-gawang* maybahay ni Senator Richard dela Serna. Can't you see? Sumusunod lang ako sa yapak mo. And you'll be truly proud of me," pangungumbinsi ni April sa ina.

"Okay, I'll tell your father to come up with a program para sa mga dukha na ikaw ang mag-o-organize. He knows a lot of private sectors na pihadong susuporta sa programang ilulunsad ninyo."

Napabuntong-hininga ang beinte-seis años na dalaga. Pangalawa siya sa tatlong anak ni Senator Richard dela Serna at isang licensed nurse na hindi pa nakapagtrabaho ni isang araw sa tanang buhay niya.

"Ma, you don't get me. I don't wanna lead a program or anything, gusto kong makapagsilbi. I wanted to be with the less fortunate people and be like them even just for a while."

"But why in Mindanao? It's too far," mariing tanggi ng ginang na isang certified socialite.

"Ma, mas kailangan nila ang tulong ko doon. Mas ma-a-appreciate 'yung pagtulong na gagawin ko. Hindi puro publicity lamang. I don't wanna help, then let the whole world know about it. Parang... parang



hindi bukal sa loob.”

“Are you saying na hindi bukal sa loob ko ang ginagawa kong pagtulong sa mga mahihirap? Na publisidad lamang ang habol ko?” Nagtaas ng kilay ang ginang. “Akala mo ba madali ang ginagawa ko? Smiling in front of those stinky people and eating with them kahit ang totoo’y diring-diri ako? Akala mo ba madali ang ginagawa kong pakikipagsalamuha sa mga mababahong iyon? Isn’t that a sacrifice?”

*Sa bibig n’yo na rin mismo nanggaling ang katotohanan,* gustong sabihin ni April sa ina pero pinili na lamang niyang isarili ang nasaisip.

“Hindi naman sa gan’on, Ma. Iisa lang talaga ang pakay natin, ang makatulong sa mga nangangailangan. Magkaiba nga lang ng paraan.”

“Where exactly in Mindanao are you going?” tanong ng ina, halatang hindi pa rin kumbinsido.

“San Andres.”

“Where? Does that place even exist? Ngayon ko lang yata narinig ang lugar na ’yan,” muling komento ni Anastacia.

“Oo naman, Ma.”

“I bet, isa ’yan sa mga liblib na pook ng bansa.

Ohmigod, I know hindi mo makakayang tumira sa isang liblib na lugar sa loob ng isang araw. Mainit, walang aircon, malamok at mabaho. Think it over, April! Magsisisi ka lang pagdating mo doon and you'll be wishing na sana'y nakinig ka sa akin at hindi nagpadalus-dalos sa iyong desisyon." Ayaw pa rin tumigil ng mas nakatatandang babae.

Isang pinong ngiti ang sumilay sa pisngi ng mestisahing dalaga. "Ma, pinag-isipan ko pong mabuti ang bagay na iyon at siguradong-sigurado po ako sa gagawin kong ito. Don't you worry, Ma, I can take care of myself. Kaya ko ho 'to." She flashed the older woman an assuring smile.

"I doubt it," muling tanggi ng ina.

"Ma, please..." Lumapit ang dalaga sa ina na noon ay nakaupo sa gilid ng kama. Umupo siya sa tabi ng ginang at ginagap ang mga kamay nito. "Don't you want me to be happy, Ma? Ayaw n'yo po bang ma-overcome ko ang pagkawala ni Steven? Ma, kailangan kong lumayo. Kailangan kong makalimot." The younger woman's eyes moistened.

Hindi tuminag ang ina. Batid ng lahat na hanggang ngayon ay hindi pa lubusang nakaka-recover si April sa pagkamatay ng nobyong si Steven. It had been five years. Five long years but the pain

was still there.

Steven was four years her senior. Anak ito ni Armando, ang best friend ng kanyang papa at isa sa mga pinakakilalang businessman ng bansa sa ngayon.

They practically grew up together. Si Steven na ang naging kuya-kuyahan nilang magkakapatid. Pero sila ang naging mag-childhood sweethearts. Everybody expected that they would end up together.

Lumipad patungong Amerika si Steven nang makakatapos ito ng college, para maging inhinyero doon. Naiwan si April na noon ay nag-aaral ng Nursing. Panaka-naka ay umuuwi ng bansa ang binata at isang taon bago namatay si Steven ay magpapapakasal na sana ang dalawa.

“Okay, but promise me one thing,” sagot ng kanyang ina sa hiling niya.

“Kahit ano po, Ma.” Lumatay ang ngiti sa mukha ng anak.

“Tumawag ka kapag hindi mo na kaya at ipasusundo kita ng helicopter.”

“Promise, Ma.”

---

Katatapos lamang ni April sa huling bagahe nang bumukas ang pintuan ng kanyang silid.

“Napapayag mo?” nakangiting bungad ni Alpha, April’s younger sister, who was six years her junior.

“Yup,” excited na sagot niya. Ibinagsak niya ang hapong katawan sa malambot na kama. Napagod siya nang husto sa ginawang pag-iimpake. She had finished packing up three large suitcases.

“Wow, doon mo na ba balak magpirmi? Wala ka na bang balak bumalik dito?” anang kapatid nang makita ang mga bagahe niya. Pumasok ito sa loob at umupo sa may dulong bahagi ng kama.

“I just don’t wanna leave anything that I might need,” sagot ni April.

“Paano mo nakumbinsi si Mama?”

Nagkibit-balikat lamang si April.

“I hope I am as gutsy as you,” anito. “Kailan kaya ako magkakaroon ng lakas ng loob na ipagpilitan kay Mama ang mga bagay na gusto kong gawin?”

“Nakuha mo naman ang gusto mong kurso, di ba?” Alpha was on her fourth year in Creative Writing against their mother’s will.

“Hindi lang naman ’yun, eh. Ang mga damit na isinusuot ko, music na pinakikinggan, party na dinadaluhan, pati mga friends ko si Mama ang namimili, including boyfriend,” reklamo nito.

“Time will come na magiging maluwag na rin sa iyo si Mama, look at Arra.” April was referring to their eldest sister, the most independent of the three. Hindi ito nagpapa-dominate sa kanilang ina. She dropped out of college and took modeling jobs instead, to their mother’s great disapproval.

“Ate, baka doon mo na mahanap ang lalaking muling magpapatibok sa puso mo,” pag-iiba ni Alpha sa usapan.

Bumakas ang matinding pagkadisgusto sa mukha ni April. “That won’t happen. Walang puwedeng pumalit kay Steven dito sa puso ko. Wala na.” Binigyang diin ni April ang binitawang huling kataga. And Alpha sensed that her elder sister meant business. Nagpaalam ito at naiwan siya. Mabilis na nagbalik sa isip niya ang mga pangyayari may limang taon na ang nakalilipas...

---

*Bitbit ang shopping bags ay masayang nagtatawanan ang magkapatid na April at Alpha*

Dalawang Mukha Ng Pag-ibig - Kristina Raphaela

habang papasok ng bahay. Bonding session nilang dalawa ang mag-shopping tuwing weekends.

Natigil ang malakas na tawanan nila nang mabungaran ang buong pamilya pagkapasok nila ng sala at nang mabatid na may bisita sila. Agad na nagkaroon ng malakas na kutob si April na may hindi magandang nangyayari base sa mga reaksiyon na nakalatay sa mukha ng mga ito.

Kumpleto ang buong pamilya. Naroon ang senador sa kabila ng napaka-hectic nitong schedule. Present din si Anastacia na buong akala nila ay may dadaluhang ribbon-cutting ceremony nang araw na iyon. Maging ang nakakatandang kapatid na si Arra na hindi na sa bahay ng mga magulang nakatira at may sariling condo unit na sa Makati ay naroon. At higit sa lahat, nandoon ang buong pamilya ni Steven—ang mag-asawang Armando at Lourdes, at ang nakababata at nag-iisang kapatid ng nobyo na si Stephanie.

“Hi,” ang tanging namutawi sa mga labi ni April. Ang lahat ng mga mata ay sa kanila naka-focus. “Ano’ng meron?” aniya habang humahalik sa ama at sa ina at pagkatapos ay gumawad din ng halik sa mga bisita.

Tahimik na umupo si Alpha sa isang sulok ng sala, batid nito ang tensyon sa loob.

*“Halika, hija. Umupo ka dito sa tabi ko. May mahalagang bagay kaming sasabihin sa iyo,”* ani Anastacia habang umuusog nang kaunti para bigyang puwang ang dalaga sa tabi nito.

*Inilapag ni April ang mga bitbit na shopping bags at kinakabahang sumunod sa sinabi ng ina.*

*“What’s going on?”*

*“Hija, Alfredo called.”* Kapatid ito ni Armando at ito ang tumulong kay Steven na makapasok sa isang malaking construction firm sa Amerika pagka-graduate ng binata sa kursong civil engineering.

*“What happened?”* Hindi na maitago ni April ang matinding kabang nararamdaman.

*“Naging star witness pala si Steven sa isa sa mga pinaka-controversial case sa America, he witnessed a murder of a business tycoon. And he was under the FBI’s Witness Protection Program for three months now. And...”* Hindi na natapos ng ina ng nobyo ang pagsasalaysay. Bigla na lamang itong napahagulhol. Agad naman itong inalo ng asawa.

*“And what?”* April was starting to get hysterical.

*“The mob got him.”* Si Senator Richard ang sumagot.

*“Ano’ng ibig ninyong sabihin? Ma, ano’ng nagyari kay Steven?” Natatarantang nagpabaling-baling si April sa mga naroroon, hoping to get a positive answer.*

*“The murdered business tycoon was an ex-Mafioso. Nais nitong tumiwalag sa grupo and the mob killed him,” pagpapatuloy ni Senator Richard.*

*“April, hija, Steven messed up with the Mafia— with an international secret criminal organization. And they killed him, too,” umiiyak na ring saad ni Anastacia.*

*“No. That can’t be true.” Nagpailing-iling si April, isa-isang naglaglagan ang luha. “That can’t be true. Steven calls me almost every night at wala siyang nababanggit na murder case nor being the star witness of any case or anything about the Mafia. Nagkakamali po kayo, hindi pa ho patay si Steven.” Gumaralgal ang boses niya, hindi na nakayang kontrolin ang sariling damdamin.*

*“Hija, huminahon ka,” pigil ni Anastacia.*

*“Hindi rin niya pinaalam sa amin ang nangyari, hija, ayaw niyang mag-worry tayo sa kanya.” Si Lourdes. “He wanted us to believe that everything’s fine with him.”*

*“That’s not true. Uuwi na si Steven next year at*



*Dalawang Mukha Ng Pag-ibig - Kristina Raphaela*

*pag-uusapan na namin ang kasal.” In denial pa rin si April kahit hiram na ang mga mata sa sariling luha. Lalo lamang lumakas ang hagulhol ni Lourdes pagkarinig sa huling tinuran ng mamanugangin. “That can’t be true!”*

*“April, calm down,” ani Arra.*

*Umiiyak na rin si Stephanie at hindi na rin napigil ni Alpha ang sariling humagulhol.*

*“Steven can’t be dead!” Nag-echo ang boses ni April sa loob ng malaking bahay. “Sabi niya’y magpapakasal na kami. Ma, uuwi na siya next year. Magpapakasal na kami.”*

*Kaagad na niyakap ni Anastacia ang anak at napuno ng iyakan ang buong bahay. Pati ang mga katulong na noon ay lihim na nakikinig sa kanilang pinag-uusapan ay hindi napigilan ang sariling umiyak. Naging parte na ng tahanan ng mga dela Serna ang binata.*

*“Ate, umiiyak ka ba?”*

*Ang boses ni Alpha ang nagbalik kay April sa kasalukuyan. Hindi man lang niya napansin ang pagpasok muli nito sa silid.*

*Kagyat na pinahid ng dalaga ang sariling pisngi.*

“No, wala ’to.”

“Ate, kalimutan mo na si Kuya Steven. You have to move on.” Punong-puno ng pagmamalasakit ang boses ng nakababatang kapatid.

“I’m fine,” pagsisinungaling ni April. “Bakit ka naparito? Ano’ng kailangan mo sa akin?” pag-iiba niya sa usapan.

“Sina Ate Samantha, ’andiyan na.” Samantha was her best friend since college. Sabay sila nitong nag-aral at sabay din na nag-graduate sa parehong kurso na nursing.

“Sabihin mo, susunod na ako.”

## 2

Isang lalaking pakiwari ni April ay may higit animnapung taong gulang ang sumundo sa kanila sa airport. Nagpakilala itong kapitan ng Baranggay San Andres. Iginiya sila nito patungo sa naghihintay na lumang owner-type jeep.

“Masaya po kami sa pagdating ninyo, Doktora,” anang lalaki habang abala ito sa minamanehong sasakyan. “Matagal na pong di nagkakaroon ng doktor, ni nurse ang aming baryo. Walang nagtatagal dahil sa layo. At ngayon, tatlo pa kayo. Lubos-lubos talaga ang aming pagpapasalamat.”

Napangiti si Alicia, ang doktor na tiyahin ni Samantha na kasama rin nila ng kaibigan sa pagtungo roon. “Itong dalawang nurse ang nagpupumilit na isama ko,” sagot nito. “Ito si Samantha, pamangkin ko at ito namang isa, si April. April dela S—”

“Kaibigan po ako nitong pamangkin ni Doktora, sabay po kaming nag-college hanggang sa mag-graduate,” putol ni April sa sasabihin ng manggagamot.

Alam niyang ipapakilala siya nito bilang anak ng senador at ayaw niyang mangyari iyon. As much as

possible ay ayaw niyang malaman ng mga taga-San Andres kung sino siya talaga.

“Ilang oras po bago natin mararating ang bayan ninyo?” tanong muli ni Alicia.

“Mga tatlong oras mula sa national road. Tanging mga motorsiklo na walang side car o habal-habal kung tawagin dito sa amin ang umaakyat ng San Andres,” anang kapitan.

Lumiko ang sinasakyan nilang jeep patungo sa isang daang hindi pa sementado at nagsimula na silang umalog mula sa kinauupuan. Puno ng lubak ang naturang daan.

“Pasensya na po kayo at medyo malubak po ang ating daraanan.”

“Narating na po ba ng elektrisidad ang San Andres, Kapitan?” Si Alicia muli.

Katabi ng kapitan si Alicia sa front seat kaya ito ang kakuwentuhan ng lalaki magmula pa nang magsimula ang kanilang biyahe. Tahimik lamang na umiidlip si Samantha sa balikat ni April sa likurang upuan habang hindi naman siya makasabat sa usapan at pinili na lamang na tahimik na pagmasdan ang mga nadadaan.

“May elektrisidad na po sa San Andres, pero hindi lahat ay nakapagpakabit dahil na rin sa hirap ng buhay.”

“Ano po’ng ikinabubuhay ng mga taga-roon, Kapitan?”

“Pagsasaka. Pero ang karamihan ay walang sariling lupain at nakikisaka lamang. Ang karamihan sa mga mamamayan ng San Andres ay naninilbihan sa lupain ni Mr. Yuzon,” kuwento ng kapitan.

Matarik ang daang tinatahak nila. Mukhang delikado dahil bangin ang nasa kanang bahagi nito. Kung magkakamali ang driver ay tiyak na sa ilog may ilang metro sa ibaba sila pupulitin. Kung hindi man ay sa naglalakihang bato sila pihadong babagsak. Habang paakyat nang paakyat ay panipis nang panipis din ang ilog kung titingnan.

“Si Mr. Yuzon ang pinakamayaman sa San Andres. Pag-aari niya ang isang malaking bahagi ng lupain sa aming lugar.”

“Namana niya?” usisa ng doktora.

“Hindi. Dayo lang naman si Mr. Yuzon sa San Andres. Nabili niya ang nasabing lupain mula sa isang mayamang taga-rito. At sa San Andres na nga siya nagpirmi. Pinalalago ang malawak niyang niyugan

*Dalawang Mukha Ng Pag-ibig - Kristina Raphaela*

at manggahan na siyang ikinabubuhay ng karamihan sa mga kababayan ko sa ngayon.”

Nagpatangu-tango ang doktora.

Sinulyapan ni April ang mamahaling wristwatch. Halos dalawang oras na rin mula nang umalis sila sa national road. May isang oras pa bago nila marating ang San Andres. Ipinilig ng dalaga ang sariling ulo sa isa sa mga bagaheng katabi niya sa upuan. Napagpasyahan niyang umidlip na muna. Iyon ay kung hahayaan siyang makaidlip kahit kaunti ng mga nagkalat na lubak sa daan.

Animo ay hinampas ng isang matigas na bagay ang ulo ni April. Agad siyang nagising mula sa pagkakaidlip at nadiskubring nauntog lang pala siya sa kinaiidlipang bagahe.

“What happened?” Wari ay noon lang din binalikan ng huwisyong si Samantha. Hawak-hawak nito ang sariling noo na nauntog sa likuran ng unahang upuan.

“Christ!” Ang tanging namutawi sa bibig ni Alicia.

“Okay lang kayo, Doktora?” tanong ng kapitan. “Wala bang nasaktan?” baling nito sa kanila.

“Ouch...” Dumadaing na hinaplang-haplos ni

Samantha ang sariling noo.

“Ano po’ng nangyari?” usisa ni April.

“May iniwasan ako kaya nabangga tayo sa may puno,” paliwanag ng kapitan at waring noon lang napansin ni April ang isang malaking puno na nasa kanilang harapan. “Buti na lamang at hindi masyadong mabilis ang ginagawa kong pagpapatakbo.”

Inilibot ni April ang paningin sa labas ng sasakyan. Nasa patag na bahagi na pala sila. Nagkalat ang mga nagtatayugang mga punong-kahoy sa paligid.

Mula sa di-kalayuan ay patalong bumaba mula sa isang matikas na kabayo ang isang lalaki. Tumakbo ito patungo sa direksyon ng bumanggang jeep.

“Kapitan! May nasaktan ho ba sa inyo?” anang lalaki pagkalapit. “Pasensya na ho’t hindi ko napansin ang pagdating ng sasakyan. Medyo nagmamadali ho kasi ako,” paliwanag nito na sa kapitan nakatuon ang tingin.

“Wala naman hong masyadong pinsala, Mr. Yuzon. Ang disgrasya ay disgrasya.”

Halos magkasunod silang apat na lumabas mula sa jeep.

*Mr. Yuzon?* Nakuha ng pangalang narinig ang

atensyon ni April. He was the exact opposite of what she was expecting. Buong akala niya ay matanda na ito at may personalidad na pang-don. Ngunit taliwas sa inaasahan ay bata pa ito, wala pa yatang treinta y cinco kung ang tikas ng katawan ang pagbabasehan.

“Guwapo,” pasimpleng bulong ni Samantha sa kaibigan na hindi rin naman binigyang-pansin ni April.

“Sigurado ho ba kayong walang nasaktan ni isa sa inyo?” paniniguro ng lalaki.

Nagpatango ang kapitan. “Malaki ang aking pagpapasalamat at hindi masyadong nasaktan ang ating mga bisita.”

“Bisita?” ulit ng lalaki. He was wearing a thigh-hugging jeans at botang halos umabot na sa tuhod nito. Cowboy na cowboy ang dating.

“Siyanga pala, Mr. Yuzon. Nais ko pong ipakilala sa inyo si Doktora Almiarez. Siya na po ang magpapalakad ng health center natin dito sa San Andres,” saad ng kapitan.

“Joaquin Yuzon po. Ikinagagalak ko po ang pagdating ninyo dito sa aming bayan.” Kinamayan ng lalaki ang doktora.



“Ito namang mga nagagandahang dilag na ito ay mga nurses. Itong isa ay pamangkin ng doktora.” Itinuturo ng kapitan ang gawi ni Samantha.

“Samantha,” agad na pakilala ni Samantha sa sarili habang iniaabot ang sariling palad.

“Joaquin.” Tinatanggap nito ang pakikipagkamay ng kanyang kaibigan.

“Friend ko, isa ring nurse. Si April.”

Napabaling ang lalaki sa direksyon ng dalagang binanggit. At rumehistro ang bahagyang pagkagulat sa mukha nito pero kagyat din namang nawala.

“Joaquin.” Nagbalik ang pormalidad sa mukha ng lalaki. Iniaabot nito ang sariling kamay kay April.

Noon lamang naklaro sa kanya ang mukha ng lalaki. At hindi naitago ng dalaga ang matinding pagkabigla.

For a split second ay inakala ni April na si Steven ang lalaking nasa harapan niya. Nagpakurap-kurap siya para gisingin ang sarili sakaling nananaginip lamang siya at masigurong hindi siya namamalikmata. She was staring at Steven’s familiar eyes no doubt. Muling nagpakurap-kurap ang dalaga. It took her another minute to realize that they had the same

eyes, Steven and this man, and that made him look like Steven at first glance.

“Oh, n-nice meeting you. A-April here,” nagkakandabulol na sabi niya nang makahuma. Tinanggap niya ang pakikipagkamay ng lalaki at kung hindi siya nagkakamali ay bahagyang nanginginig ang palad ng bagong kakilala. O baka naman siya mismo ang nanginginig at hindi ito? Kagyat na binawi ng dalaga ang sariling palad mula sa pagkakahawak nito dahil sa naisip.

“Ako na ho ang bahala sa sasakyan ninyo, Kapitan. Ipapaayos ko sa baba,” baling ni Joaquin sa nakakatandang lalaki.

“Ay, naku. ’Wag na, Mr. Yuzon. Nakakahiya naman sa inyo. Hindi naman siguro ito masyadong napinsala,” tanggi ng cabeza del barrio ng San Andres.

“Mas mabuti na ’yung nakakasiguro tayo. Iwanan na lang ho natin ito dito at ipasusundo ko sa isa sa ’king mga tauhan,” ani Joaquin.

Pinili na lamang ng nakatatandang lalaki na huwag nang makipagtalo.

Humugot ng cellphone mula sa bulsa ng pantalon si Joaquin at may kinausap ito sa kabilang linya.

“Mark, magdala ka ng sasakyan dito sa may bukana ng San Andres. Ngayon din, maghihintay ako dito.” Muling ibinalik ni Joaquin ang cellphone sa bulsa pagkatapos. “Maghintay na lang po tayo ng kaunti at ipahahatid ko kayo.”

---

Isang maliit na salu-salo sa bakuran mismo ng bahay ng kapitan ang inihanda ng mga taga-San Andres para i-welcome sila sa lugar. Doon sila inihatid ng sasakyan ni Joaquin. Inimbitahan ito ng kapitan para dumalo sa munting salu-salo pero tumanggi ang binata dahil mayroon umanong importanteng gagawin at umalis na ring sakay ng kabayo.

“Tinamaan ka, ano?” pasimpleng bulong ni Samantha kay April at pagkatapos ay sumubo ng isang kutsarang buko salad. Magkatabi ang dalawa sa harap ng isang mahabang mesa. Busy naman si Alicia sa pakikipag-usap sa mga taga-baryo.

“What are you talking about?” patay-malisyang sagot niya.

“Hmm... denial. Sinabi na nga ba’t dito ka na makakahanap ng lalaking muling magpapatibok sa puso mo. Obvious kaya na tinamaan ka d’un sa mayamang cowboy. Kitang-kita sa reaction mo

kanina, ano?” kanyaw ni Samantha sa kaibigan.

“Stop it. Huwag ka ngang judgmental d’yan. Nagpunta ako sa liblib na pook na ito hindi para maghanap ng lalaking muling magpapatibok ’ika mo sa puso ko, kundi para makapagsilbi,” saway ni April sa kaibigan. “Saka, didn’t you notice?”

“Ang alin?”

“They had the same eyes. Steven and him,” paliwanag ni April.

“They do?” di-makapaniwalang sagot ni Samantha.

“Yah. It’s almost identical. God, I really thought na nabuhay si Steven. I thought it’s him I was staring at.”

Nagpatangu-tango si Samantha. “Kaya pala he looks familiar. I thought I’ve seen him somewhere. Hindi pala. Kahawig lang pala ng mga mata ni Steven ang kanyang mga mata. Oh my God! Baka reincarnation ni Steven ang taong ’yun!” bulalas nito.

“Nonsense.”

“Okay lang siguro sa dalawang dilag na ito?” baling ng kapitan sa direksyon nilang dalawa.

“I’m sorry, Kapitan, pero hindi po namin narinig. Alin po’ng okay lang?” tanong ni Samantha sa lalaki.

“Hindi pa raw tapos ang extension na ginagawa nila sa health center. Iyon ang magsisilbing tutuluyan natin habang nandito tayo sa San Andres. Kaya, for the mean time ay sa bahay na muna tayo ni Mr. Yuzon tutuloy,” sagot ni Alicia sa dalawa.

“Mga isa hanggang dalawang linggo lang naman,” sabad ng kapitan. “Nakausap ko na si Mr. Yuzon tungkol sa bagay na ito hindi pa man kayo dumarating dito. Wala namang problema sa kanya. Wala namang kasama si Mr. Yuzon sa kanyang bahay kundi mga katulong lang. Iyon ay kung okay lang sa inyo. Kung medyo malaki-laki lang sana ng kaunti itong bahay ko’y dito ko na kayo patutuluyin.”

Tatanggi na sana si April nang sumagot na ang kaibigan.

“Naku, wala hong problema ’yon, Kapitan. Kahit isang taon pa.”

Palihim na kinurot nang pino ni April sa ilalim ng mesa ang kaibigan. “Bakit ka pumayag?” pabulong niyang sita.

“Bakit naman hindi?”

Bakit nga ba? Bakit nga ba ayaw niyang mapalapit sa lalaking iyon? Hindi makaapuhap ng dahilan si April. Wala rin siyang katuwirang maibibigay sa sarili. Basta ang alam niya ay hindi siya dapat pumayag na mapalapit sa lalaking iyon ni isang segundo. Ngunit huli na, pumayag na ang kanyang mga kasamahan. Napaka-rude naman niya kung siya lang sa kanilang tatlo ang tatanggi. Tapos wala pa siyang sapat na rason.

“May problema ba, hija?” tanong sa kanya ng kapitan.

“Naku wala ho, Kapitan. Wala hong problema sa akin ’yon,” mariing tanggi ni April.

“Kung gayon ay ipapaalam ko kay Mr. Yuzon na pumayag na kayong sa bahay na muna niya magpirmi nang mga dalawang linggo. Huwag po kayong mag-alala, Doktora, ligtas po kayo sa bahay na iyon. At saka, gan’un lang talaga si Mr. Yuzon, animo’y hindi marunong ngumiti pero ang totoo’y mabait ’yon. Marami na iyong natulungan dito sa San Andres,” pagbibida pa ng lalaki.

*Dalawang linggo sa bahay ng lalaking iyon?* April sensed danger. She should have opposed to the idea. Pero paano? At bakit nga ba takot na takot siya sa ideyang makasama sa iisang bubong ang

*Dalawang Mukha Ng Pag-ibig - Kristina Raphaela*

---

lalaking iyon? Dahil ba sa naaalala niya si Steven kapag nakikita niya ito? O dahil muling nabubuhay ang damdamin niya bilang babae kapag kaharap ito? Damdaming buong akala niya ay tuluyan nang naibaon sa limot kasama ng tuluyang paglisan ni Steven.

### 3

Ang konkretong bakod ang bumungad sa kanila pagliko sa paakyat na pribadong daan. Nasa itaas ng isang maliit na burol ang bahay ni Joaquin Yuzon. At sa tantya ni April ay tanaw mula sa itaas ng bahay nito ang buong San Andres. Wala ni anumang bahagi ng naturang bahay ang makikita mula sa labas dahil sa taas ng bakod na nakapaligid dito.

“May phobia ba sa mga magnanakaw ang Joaquin na iyon at ang taas ’ata ng gate ng bahay niya,” komento ni Samantha. Lulan sila ng isa sa mga sasakyan ng mayamang binata. Ipinasundo sila nito mula sa bahay ng kapitan pagkatapos ng salu-salo.

Bumusina nang sunud-sunod ang driver nang matapat na sila sa entrance. At ilang minuto lang ang nakalipas ay bumukas ang wrought iron automatic gates.

“High tech,” muling sabi ni Samantha. “Hindi pala nahuhuli sa technology itong si Joaquin Yuzon ha! Nakapagtataka namang mas pinili niyang dito manirahan sa liblib na lugar na ito.”

“May sarili siyang dahilan,” anang doktorang si



Alicia.

Tahimik lamang na nakikinig si April sa usapan ng magtiya. Abala ang kanyang mga mata sa pagsusuri sa labas ng bintana ng sasakyan.

Pumasok ang kotse sa loob ng bakuran at lalong namangha ang tatlo sa tanawing nabubungaran. May dalawang palapag ang malaking bahay. Hindi nahuhuli sa estilo at maayos ang pagkakaplano. Tila ito pinagkagastusan nang malaki. Walang dudang isa itong obra maestra ng isang magaling na arkitekto.

May isang malaking swimming pool sa loob ng bakuran at maganda ang pagkaka-landscape sa buong lugar. Maayos ang pagkakabusisi sa bawat sulok ng bakuran.

Ngunit ang higit na nakaagaw-pansin kay April ay ang isang malaking grotto sa isang bahagi ng bakuran. Isang tagpo ang sumulpot sa kanyang gunita.

*“Gusto kong maglagay ng grotto sa bahay ko,” ani Steven.*

*Nakahiga ito sa kandungan ng katipan habang pinapanood ang libo-libong mga bituin na animo mga diamanteng nagkikislapan sa kalangitan. Nasa hardin nina April ang dalawa, nakaupo sa isang picnic mat*

*Dalawang Mukha Ng Pag-ibig - Kristina Raphaela*  

---

*ang dalaga at kandong ang ulo ng lalaki.*

*“Bahay mo?” April teased.*

*“Bahay natin, I mean,” mabilis na sagot ni Steven.*

*“Talaga lang, ha.”*

*“Hihintayin mo naman ako, di ba?” Malapit na itong tumungo sa states para magtrabaho para sa uncle nito na may malaking construction firm doon. Tumingala si Steven sa kanya. “Mag-iipon ako doon for our future together. Para sa mga magiging little Stevens and little Aprils natin.”*

*Bahagyang napahagikgik si April kahit nanunungaw na ang luha sa kanyang mga mata.*

*“He’s living alone in this place?” di-makapaniwalang tanong ni Samantha at iyon ang nagpabalik kay April sa kasalukuyan. She blinked her eyes hoping to drive the tears away.*

*“Ang laki naman ’ata ng bahay na ito para sa iisang tao. Aba, kung kailangan niya ng isang reynang mamamahala nitong palasyo niya’y sabihin niya lang at di ako magdadalawang-isip,” pagpapatuloy ng kaibigan niya.*

*“Magtigil ka nga diyan bata ka’t puro ka na lang kalokohan,” saway ng cincuenta años na dalagang*

doktora.

Huminto ang sasakyan sa tapat ng pinto. Isang mataba at matandang babae ang agad na sumalubong sa kanila. Binati sila nito at nagpakilala.

Matapos ang kaunting usapan, iginiya sila ni Aling Martha, ang mayordoma ng nasabing bahay, patungo sa ikalawang palapag nito. Sa tantya ni April ay may humigi't kumulang sampung silid-tulugan ang naroon sa second floor.

“Bilin ni Sir Joaquin na papiliin kayo ng tig-isang silid dito sa itaas,” anang matandang babae.

“Nas’an ho siya?” usisa ni Samantha.

“Bibihira lang naman hong umuwi dito si Sir Joaquin,” sagot ng katulong.

“Anong oras siya umuuwi?” Si Alicia.

“Depende. Walang permanenteng oras.”

“Saan ang silid niya?” muling usisa ni Samantha na ikinataas ng kilay ng mayordoma.

“Sa ibaba. Bakit?” takang tanong ni Aling Martha.

“Wala lang. Baka feel ko siyang gapangin, at least alam ko na kung saan ko siya mahahanap,” sagot ni Samantha na sinundan pa ng isang malutong na

hagikhik.

“Nagbibiro lang ho siya, Aling Martha.” Si April.

Ipinaghanda sila ng hapunan ng mga katulong pagkatapos. Ngunit taliwas sa kanilang inaasahan ay hindi nila nakasabay sa hapunan ang may-ari ng bahay.

“Hindi po ba namin makakasabay si Mr. Yuzon?” magalang na tanong ni Alicia sa isa sa mga maids.

“Hindi pa ho umuuwi si Sir. Ipinagbilin niyang mauna na lamang kayo’t hindi siya makakadalo. Pasensya na, aniya.” Nagpatangu-tango ang doktora.

Pagkatapos ng hapunan ay dumerecho na sila sa kani-kanilang silid. Balak nilang magpahinga na agad dahil sa pagod.

Magkatabi ang kuwartong inookopa nina Samantha at April. Nasa katapat na silid naman ang sa doktora.

Nakalatag sa sahig ng kuwarto ni April ang tatlong malalaking suitcases. Nakaupo siya sa gilid ng kama habang inililibot ang mga mata sa magarang silid. Hindi maitatago ang rangya ng pamumuhay ni Joaquin Yuzon. Ngunit bakit kaya nag-iisa ito sa buhay? Hindi naman ito pangit. Napakaguwapo nga

*Dalawang Mukha Ng Pag-ibig - Kristina Raphaela*

---

kung tutuusin. Biglang na-guilty si April kay Steven dahil sa takbo ng kanyang utak. She hurriedly erased Joaquin's features on her mind.

Malaki ang pagpapasalamat ni April at hindi nila nakasabay sa hapunan ang lalaki. Sana ay patuloy itong magiging abala sa loob ng dalawang linggong pamamalagi nila sa bahay nito. Ayaw niyang muling maka-engkuwentro ang lalaki. Ayaw niyang maging taksil kay Steven kahit sa isip lang.

---

Nakapagtataakang hindi man lang dinalaw ng antok si April. Ikalawang gabi nila sa bahay ni Joaquin at ni minsan ay hindi nila ito nakasalubong. Kunsabagay, iyon naman talaga ang ipinagdadasal ng dalaga.

Naging napakaabala ng unang araw nila sa health center. Marami ang pumunta para magpatingin. Naging sabik ang mga mamamayan ng San Andres sa doktor.

Nagpalit ang dalaga ng manipis na pantulog. Pagkatapos ay bigla niyang naalala ang ina. May kaunting guilt na kumudlit sa puso ng dalaga nang maalalang hindi man lang niya na-text ang ina buong araw. Nakapatay pa ang cellphone niya sa buong

maghapon dahil minu-minuto itong tumatawag at nangungumusta. Hindi pa rin ito tumitigil sa pangungumbinsi sa kanyang bumalik na ng Maynila.

Hinagilap niya ang hand bag na kinalalagyan ng phone. Kailangan na niyang tawagan o i-text man lang ang ina dahil pihadong nag-aalala na ito sa kanya. Hinalungkat niya ang laman ng bag sa paghahangad na mahagilap ang telepono. Nang hindi pa rin ito mahanap ay ibinuhos na niyang lahat ang laman ng bag sa ibabaw ng kama. Wala talaga.

“Nas’an na ba ’yon?” daing ng dalaga. Pilit niyang inalala kung saan niya maaaring naiwan ang cellphone. Sa pagkaalala niya ay nasa bag lang naman niya ito buong maghapon.

“Oh!” bulalas ni April nang maalalang si Samantha ang huling gumamit noon. Hiniram ito ng kaibigan kaninang nagpapahangin sila sa swing sa gilid ng bahay pagkatapos nilang maghapunan. Naubos ang battery ng mobile phone ni Samantha kaya naki-insert ito ng SIM card sa kanya dahil may kailangan itong tawagan. At sa pagkakaalala niya ay ibinalik na ito ng kaibigan sa kanya. Kaso naiwan niya iyon sa swing!

Dali-daling lumabas si April ng silid. Binaybay niya ang madilim na pasilyo patungo sa hagdanan.

Bumaba siya at dumerecho sa pintuan na nag-uugnay sa hardin na nasa gilid ng malaking bahay kung saan naroroon ang swing.

Pinihit ni April ang seradura at kagyat na lumabas pagkabukas ng pinto. But to her surprise, she bumped into something hard and was even more surprised to find herself staring deep into familiar eyes.

“What the hell are you doing down here at this time of the night?” Joaquin roared. Napaatras si April dahil sa pagkabigla at bumangga sa pintong nasa likuran.

“Kuku—”

“And almost naked?” Parang nanghahamak na hinagod ng tingin ni Joaquin ang kabuuan ni April.

Napatingin din ang dalaga sa sarili at saka pa lamang niya naalalang manipis na pantulog lamang ang tanging tumatabing sa kanyang katawan.

“Oh!” Akmang takpan ni April ang sarili gamit ang sariling kamay pero hindi rin ito nakatulong. “Look, I’m sorry. Kukunin ko lang san—will you stop staring at me!” bulyaw niya sa lalaki nang mapansing nakatitig pa rin ito sa kanya.

“Lalabas-labas kang halos hubad pagkatapos ay

magagalit ka kung titingnan. Such hypocrisy!”

Napataas ang kilay niya sa tinuran nito. “How dare you say that!” Namaywang si April. “Look! Hindi por que pag-aari mo itong bahay ay puwede mo na akong tratuhin sa paanong paraan mo gusto! Kung napapasunod ng bawat salita mo ang bawat mamamayan dito sa San Andres, puwes ibahin mo ako! Hindi mo kilala kung sino ang kaharap mo—”

Pinutol ni Joaquin ang ano pa mang sasabihin ng babae sa pamamagitan ng pag-angkin sa mga labi nito. Nanlaki ang mga mata ni April dahil sa ginawa ng mapangahas na lalaki. Itinulak niya ito palayo sa kanya pero hindi man lang natinag si Joaquin.

What April couldn’t understand was the fact that the kiss felt so right. Ilang boltahe ng kuryente ang nagawang pagapangin ni Joaquin sa kanyang katawan. Hindi napigilan ng dalagang tugunin ang mapangahas na halik. And she found herself enjoying his kisses.

*No! Nami-miss mo lang si Steven! pagalit ni April sa sarili. Nami-miss mo lang ang pakiramdam ng mahalikan!*

With the last ounce of her sanity left, she pushed Joaquin away with all her might.



“How dare you!” Ang namutawi sa mga labi ng dalaga nang makaalpas siya mula sa pagkakayakap ng binata.

“You enjoyed it, too,” puno ng kompyansang saad nito na sinabayan pa ng isang nakakalokong ngiti. “And I know who you are... Ms. dela Serna.”

Napanganga siya sa narinig. Ngunit hindi na niya nagawang komprontahin si Joaquin tungkol sa nalalaman nito sa kanyang tunay na pagkatao dahil nagawa na nitong makapasok sa loob ng bahay. Naiwang nagngingitngit si April.

Agad na bumalik ng silid ang babae at tuluyan nang nakalimutan ang talagang pakay sa pagbaba. Pakiramdam niya ay sasabog ang kanyang dibdib sa bigat na nararamdaman. Humagulhol ng iyak si April pagkapasok sa kuwarto.

“Sweetie, I’m sorry...” Isinubsob ng dalaga ang sariling mukha sa kanyang unan. Sa tanang buhay niya ay si Steven lamang ang tanging lalaking nakahalik sa kanya. And after five long years of mourning over Steven’s death ay ngayon lamang siya muling nahalikan. And she felt so damn guilty for what had happened!

Hindi siya nagi-guilty dahil pangahas siyang

*Dalawang Mukha Ng Pag-ibig - Kristina Raphaela*

---

hinalikan ni Joaquin. Nagi-guilty siya because she enjoyed the kiss herself. Ramdam na ramdam pa niya hanggang sa mga sandaling iyon ang init na dala ng paghalik ng binata sa kanya. Muli nitong nabuhay ang damdamin niya bilang babae na tanging si Steven lamang ang may karapatang bumuhay.

Malayang inilabas ng dalaga ang bigat na nararamdaman. Ngayon siya nagsisisi kung bakit hindi pa niya sinunod ang ina.

Isang mahinang katok ang kumuha sa kanyang atensyon.

“Sis...” pabulong na pagtawag ni Samantha mula sa nakasarang pinto. Bumukas iyon at kagyat itong pumasok sa loob.

“Are you okay?” concerned na untag nito. Dinaluhan siya nito at banayad na hinaplas-haplos ang kanyang likuran.

“April, you have to let Steven go. Hindi lamang para sa iyong sarili pero para na rin sa kanya. Akala mo ba masaya siyang nakikita kang malungkot?” anang kaibigan.

“Sam, I can’t.” Nakasubsob pa rin ang mukha ni April sa unan.

“You have to. It’s been five long years, April. You have to get over him. Alam mo kung bakit hindi ka maka-move on? Dahil ikaw mismo ang may ayaw na gawin iyon. Ang ginagawa mong paglayo ngayon—it’s useless. Dahil kahit saang lupalop pa ng universe ka magpunta, kung hindi mo tutulungan ang sarili mo ay hindi ka talaga makaka-move on. It’s a decision you have to make, April. It should come from within.”

“Babalik na lang akong Manila, Sam.” Tiningala ni April ang mukha ng best friend.

“Susuko ka na kaagad? Kung hanggang dito nga ay sinusundan ka ng mga alaala ni Steven, mas mahihirapan ka doon. Kung lahat ng parte ng inyong bahay ay makapagpapaalala sa ’yo kay Steven ay paano mo siya makakalimutan?”

“You’ve got it all wrong, Sam. Ayoko siyang kalimutan. I don’t wanna get over him. He’s my life.”

Nagpakawala ng isang malalim na buntong-hininga si Samantha.

“At ano ang gusto mo? Habang buhay ka na lamang na magiging miserable? Give yourself a chance to be happy.”

*Kung alam mo lang, Sam. Kung alam mo lang ang paghihirap ng kalooban ko ngayon. Mas maraming*

*Dalawang Mukha Ng Pag-ibig - Kristina Raphaela*

---

*mga bagay ang nagpapaalala sa akin kay Steven dito. At kinakain ako ng konsyensya ko sa tuwing nararamdaman kong unti-unting nahuhulog ang loob ko sa lalaking may mga matang katulad ng kay Steven.*